San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

Terry B. Grier, Ed.D.
Superintendent

Hunyo 2008

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga:

Sa napakabilis na pagsapit ng pagtatapos ng isa na namang paaralang taon, nais kong samantalahing magpasalamat sa inyong pagtaguyod at sa karangalang napaglingkuran ang inyong mga anak sa ating mga paaralan.

Patuloy ang krisis sa badget. Kayo'y gumabay sa amin upang ipakita sa ating mga nahalal sa pamahalaan ang ibinunga ng inihaing pagbawas sa badget sa ating mga mag-aaral, paaralan at bayan. Bilang resulta, ilang pagbabago ang nagawa. Hinahangaan namin ang inyong pagsisikap at katapatan.

Ang Gobernador ay naglabas ng kaniyang Mayong Pagbabago sa Badget noong Mayo 14. Magmula noon, pinag-aaralan ng mga kagawad ang kalalabasan sa ating distrito. Sa laki ng ating distrito ang inaakalang pagbabawas ay bumaba buhat $80 milyon ng $53 milyon. Samantalang hinahangaan ko ang Gobernador sa pagbigay pangunguna sa edukasiyon ng kaunting pagbabalik pondo para sa mga paaralan, ang kaniyang binagong mungkahi ay nagbabadya pa rin ng malaking pagbabawas sa ating distrito.

Sa ating pagpapatuloy sa pakikibaka para sa ganap na pagbabalik ng pondo sa ating mga paaralan, naniniwala akong masisimulan natin ang magagawang pagbalik sa kaunting bahaging nabawas sa atin. Gagawa ako ng mga mungkahi sa Board of Education ng magkakasunod na pagbabalik sa mga kawani. Sisimulan natin sa silid-aralan.

Sa gitna ng suliraning ito sa badget, magagandang pangyayari ang naganap sa ating mga mag-aaral at paaralan. Sa pangalawang taon, 15 paaralan ng San Diego Unified ay napasali sa listahang *America's Best Public High Schools* sa pahayagang *Newsweek*. Anim na mababang paaralan ay pinarangalang *California Distringuished Schools*. Labing-siyam na guro ang tumanggap ng kilalang *National Board Teacher Certification*. Ang San DiegoUnified lamang ang distrito sa lahat ng 10 pinakamalalaking bayang distritong paaralan ang nakatupad ng tutukan sa *Adequate Yearly Progress* sa 2006-07. Isang dosenang paaralan ay tumanggap ng *Title 1 Academic Achievement Award* dahil sa pambihirang nagawa. Ang inyong pagtaguyod ang nagbigay sa mga katuparang ito.

Sa susunod na taon, gagawa tayo ng mga pagtatagumpay. Simula nitong taglagas, bawa't mataas na paaralan sa distrito ay magkakaroon ng isang tagagabay sa pagtatapos at mag-aalok ng hindi kukulanging 10 kursong *Advanced Placement* (AP). Apat na bagong paaralan sa sining ang bubuksan: ang mababang paaralang Sherman at Mary Lanyon Fay, ang Memorial Preparatory for Scholars and Athletes, at paaralang magnet Millennial Tech Middle. Karagdagang mga programa ay idaragdag sa ating pagpapatuloy ng mga gawaing patungo sa pagbibigay ng mataas na uri ng pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral..

Salamat ulit sa pagtitiwala sa pag-aaral ng inyong anak sa ating mga paaralan. Humayo kayo sa kaayaayang tag-init!

Buong katapatan,

Terry B. Grier, Ed.D.
Tagapamahala

Pahabol – Upang tumanggap ng pinakahuling kaalaman sa ating distrito at bayang pag-aaral, pakiusap na magbasa ng *Weekly Update*, inilalathala tuwing Biyernes. Tunghayan ang bahaging *Quick Links* sa www.sandi.net.